# INC nag-donate ng P10-M halaga ng protective equipment at supplies sa QC hospitals

Nag-donate ang Iglesia Ni Cristo (INC) ng protective equipment at supplies na nagkakahalaga ng P10 milyon sa Quezon City hospitals para sa mga frontliners sa paglaban sa COVID-19.

Kasunod ito sa pagpapagamit ng INC sa pag-aaring Philippine Arena sa Bocaue. Bulacan para gawing 'mega medical facility' para labanan ang COVID-19.

Sinimulan ng INC ang pagkakaloob ng protective equipment at iba pang pangangailangang suplay sa mga pampublikong pagamutan sa lungsod Quezon bilang suporta sa local government at health authorities laban sa COVID-19.

"We're distributing these necessities to all public hospitals in Quezon City to address the urgent needs of our medical frontliners. We're doing our own effort to lessen their vulnerability to the virus when they're performing their tasks," ayon kay INC General Auditor Glicerio B. Santos Jr.

Sinabi pa ng INC general auditor , ito ay base sa kautusan ni INC Executive Minister Brother Eduardo V. Manalo na pagitingin ang ibinibigay na tulong at assistance para mapigilan ang pagkalat ng virus, kung saan marami ng lugar sa Quezon City ang naitatalang marami na ang nagpopositibo na sa virus at nangangailangan ng tulong.

"Sinabi sa amin ni Ka Eduardo na imbes na katakutan ang bantang ito ay harapin ito na may pag-aksyon, kaya nga pinili ng INC na tumulong sa gobyerno at sa ating mga kababayan sa anumang paraan sa abot ng aming makakaya", dagdag pa ni Santos Jr.

Inihayag pa nito na ang facility's management ay nakipagpulong na sa Inter-Agency Task Force on the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID). Kamakalawa ay nagsagawa na rin ng ocular inspection ang mga representante ng gobyerno sa Philippine Arena, Philippine Sports Stadium at Garden Suites, sa loob ng Ciudad del Victoria sa Bulacan.

"Handa kaming tumulong. In this critical time we all need to work together to beat this virus. We are all affected, so we must all act", dagdag pa nito.

Ang Philippine Arena sa Bulacan ay ang pinakamalaking indoor arena sa buong mundo. May sitting capacity na 50,000 at may floor area na 99,000 square meters.

Ipinaliwanag pa ni Santos na ang Philippine Arena, ay maaaring pansamantalang gawing "mega medical facility" para sa mga COVID patients.

"Medical personnel assigned to the venue can also use the rooms at The Garden Suites in the Ciudad de Victoria as their quarters, so they need not commute to and from Metro Manila", dagdag pa nito.

Magugunitang unang nagkaloob ang INC ng five million-peso donation sa Quezon City government sa pamamagitan ni Mayor Joy Belmonte, at P3 milyong halaga ng medical assistance sa Davao City.

***Ang mga protective equipment at supplies na nagkakahalaga ng P10 milyong na idinonate ng Iglesia Ni Cristo (INC) para sa mga pampublikong pagamutan sa Quezon City upang makatulong sa paglaban sa COVID-19. Nasa larawan sina Quezon City Mayor Joy Belmonte at Glicerio Santos IV, INC chief legal counsel (kanan).***

